Medi-Cal for Kids & Teens

# Ang Iyong Mga Karapatan sa Medi-Cal

**Pakitabi!**

Mahalagang impormasyon para tulungan ang mga bata at kabataan hanggang sa edad na 21 makuha ang lahat ng pag-aalagang kailangan nila

## Anong mga serbisyo ang maaaring makuha ng mga bata at kabataan kung sila ay nasa Medi-Cal?

Sa ilalim ng batas ng California at pederal, lahat ng mga bata at kabataan hanggang edad na 21 na naka-enroll sa Medi-Cal ay may karapatan sa mga regular na **check-up** at mga ibang serbisyong **pang-iwas** at **paggamot** na kailangan para manatili o maging malusog.

Ang karapatang ito ay kilala sa pederal na bata bilang Maaga at Pana-panahong Pagsasala, Diyagnostiko at Paggamot (Early and Periodic Screening, Diagnostic and Treatment) (EPSDT) Sinisiguro nito na ang bawat batang naka-enroll sa Medi-Cal ay makakakuha ng pag-aalagang kailangan nila para posibleng lumaki ng malusog. Sa California, ang EPSDT ay tinatawag na **Medi-Cal para sa Mga Bata at Teens**.

Ang mga serbisyo ay **libre**, maliban kung ang anak o kabataan ay nakitang may Bahagi sa Gastos nung naging kuwalipikado sila para sa Medi-Cal.

### Dapat saklawan ng Medi-Cal para sa Mga Bata at Teens ang mga serbisyong ito kung kailangan, nang walang limitasyon:

- Mga pisikal na pangkalusugang serbisyo, kasama ang primary na pag-aalaga at mga pagbisita ng espesyalista
- Mga serbisyo sa paningin, kasama ang mga salamin
- Mga serbisyo sa pagdinig
- Mga dental na check-up at mga follow-up na serbisyo
- Mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip at mga serbisyo sa pagkalulong sa droga o alkohol, kasama ang therapy
- Pisikal, occupational, at pagsasalita na therapy
- Mga medikal na kagamitan at supply, tulad ng mga wheelchair, kabilang ang matibay na kagamitang medikal
- Gamot, parehong over-the-counter at de-reseta
- Mga lab test, kabilang ang mga blood test para masuri ang mga lebel ng lead, at pagsusuri para sa sexually transmitted infection (STI) at anumang kailangang follow-up na pag-aalaga
- Mga serbisyo sa kalusugan sa tahanan, kabilang ang nursing na pag-aalaga
- Ospital at residensiyal na paggamot
- Mga serbisyong reproductive at seksuwal na kalusugan, tulad ng birth control at pag-aalaga sa pagpapalaglag
- Mga check-up sa pagbubuntis
- Pagsusuri at paggamot para sa COVID-19
- Koordinasyon sa pag-aalaga, kung naka-enroll sa planong Medi-Cal managed care.
- Lahat ng mga kailangang medikal na serbisyo na maaaring masaklawan sa ilalim ng Medi-Cal (kilala bilang “mga medikal na kailangang serbisyo”) ayon sa nadetermina ng mdeikal na tagapaglaan

**Kung kailangan mo ng liham na ito o anumang materyales ng Medi-Cal sa isang alternatibong format tulad ng mas malaking font, audio format, CD, o braille, tumawag sa 1-833-284-0040.**

**Ang mga bata at kabataan ay may karapatan sa mga libreng suporta para makakuha ng pag-aalaga, tulad ng:**

- Pagkuha ng libreng sakay papunta sa at mula sa iyong appointment o para kumuha ng medikasyon, medikal na kagamitan, at mga supply
- Suporta sa paggawa ng mga medikal na appointment
- Tulong makahanap ng doktor o tagapaglaan sa pangangalaga ng kalusugan mo
- Mga serbisyo sapinterpretasyon ng wika (hindi mo kailangang magdala ng sarili mong interpreter sa isang medikal na appointment)

## Ano ang ibig sabihin ng "medikal na kailangan"?

Para sa mga bata at kabataan, ang ibig sabihin ng **medikal na kailangan** ay ang mga serbisyong kailangan para gamutin, itama, pamahalaan, o pabutihin ang sakit o pangkalusugang kundisyon.

Ang doktor o tagapaglaan sa pangangalaga ng kalusugan mo ay karaniwang nagpapasya kung may bagay na medikal na kailangan.

Maaaring kailanganin ng ilang mga serbisyo ng paunang pag-apruba. Kung ang mga serbisyo ay medikal na kailangan para sa mga bata o kabataan hanggang sa edad na 21, ang bilang ng mga serbisyo o paggamot ay hindi maaaring limitado. Halimbawa, ang anak ay hindi maaaring malimita sa isang pares ng salamin bawat dalawang taon. Kung ang bata ay may mga salamin pero nahihirapang makakita, maaari silang may karapatan sa bagong de-reseta at mga bagong salamin kung kailangan.

KAHON 1

### Ang Medi-Cal ng anak mo

Ang mga bata ay kabataan sa Medi-Cal ay nakakakuha ng mga benepisyo nila sa isa sa dalawang paraang ito:

1. **Pinamamahalaang pag-aalaga** ng plano ng pangkalusugang insurance, plano ng kalusugan ng pag-iisip, o plano ng kalusugang dental, **o**
2. **Fee for service** ng California Department of Health Care Services (DHCS), ang ahensiya ng Medi-Cal ng Estado

Ipinapaliwanag ng dokumentong ito kung ano ang gagawin kung ang naka-enroll na bata o kabataan ay hindi makakuha ng kailangang serbisyo sa pamamagitan ng **pinamamahalaang pag-aalaga** o **fee for service**. Pinapaliwanag nito kung paano:

- Magsampa ng apela
- Humingi ng Pagdinig sa Estado
- Magsumite ng hinaing

Para sa tulong para makakuha ng mga serbisyo o para sa mga tanong tungkol sa mga benepisyo mo, tumawag sa linya ng Tulong ng Miyembro ng Medi-Cal sa **1-800-541-5555**.

# Ano ang dapat mong gawin kung tinanggi ang pag-aalaga ng anak mo, inantala, binawasan, o hininto?

Kapag tinanggihan, inantala, binawasan, o hininto ang pag-aalaga ng anak mo, at hindi ka pumayag sa desisyon ayon sa nakalarawan sa nakasulat mong paunawa, maaari mong hilinging iparepaso at mabaligtad ang desisyon.

Ito ay para suportahan ang anak mo para makuha ang pag-aalaga na kailangan nila at may karapatang makuha. May karapatan ang anak mong magsampa ng **apela**, humingi ng **Pagdinig sa Estado**, o magsumite ng **hinaing**. Walang multa para gawin ang alinman sa mga pagkilos na ito.

Ang iyo mang apela, Pagdinig sa Estado, o hinaing ay magtagumpay o hindi, ang Medi-Cal na coverage ng anak mo ay **hindi** matatapos dahil ginawa mo ang alinman sa mga pagkilos na ito.

Inaatasan ng **apela** ang plano ng pinamamahalaang pag-aalaga ng anak mong repasuhin ang anumang pagtanggi sa serbisyo, iantala, bawasan, o ihinto para malaman kung sumasang-ayon sila sa iyo.

Ang **Pagdinig sa Estado** ay pagkakataong magsalita sa harap ng huwes para repasuhin ang desisyon na ginawa ng plano ng pinamamahalaang pag-aalaga ng anak mo o DHCS (ang ahensiyang Medi-Cal ng Estado) na hindi mo sinasang-ayunan.

Ang **hinaing** ay para sa anumang usapin na hindi ka nasisiyahan o hindi ka sumasang-ayon na hindi nasasaklawan ng apela o Pagdinig sa Estado. Ito ay para sa mga isyu o alalahanin sa plano ng pinamamahalaang pag-aalaga ng anak mo o DHCS na hindi pagtanggi, pag-antala, pagbawas, o paghinti ng mga serbisyo.

Maaari ka ring magsumite ng hinaing sa plano ng pinamamahalaang pag-aalaga ng iyong anak para sa mga reklamong nauugnay sa mga saklaw na serbisyo ng iyong anak, kabilang ang kalidad ng pangangalaga o access sa pangangalaga.

## Paano magsampa ng apela, humingi ng Pagdinig sa Estado, o magsumite ng hinaing

**Basahin ang nakasulat na paunawa.**
Kung tinanggihan, binawasan, o hininto ng pinamamahalaang plano sa pag-aalaga, ang DHCS (ang Medi-Cal na ahensiya ng Estado), o tagapaglaan ang mga serbisyo ng anak mo, dapat silang magpadala ng nakasulat na Paunawa sa Pagkilos (tinatawag ding "Paunawa ng Salungat na Benepisyong Determinasyon") sa desisyon nila.

Dapat mong makuha ang paunawang ito ng **10** araw man langh bago mabawasan o maihinto ang paggamot o serbisyo sa anak mo. Pinaliliwanag ng paunawang ito ang:

- Bakit at paano ginawa ng pinamamahalaang plano ng pag-aalaga ng anak mo o ng DHCS ang desisyon nito
- Ang mga karapatan ng anak mo
- Paano magsampa ng apela o humingi ng Pagdinig sa Estado

**Kung tumatanggi ka sa desisyon,** mahalagang mag-apela **bago** huminto ang mga serbisyo o binawasan para makapagpatuloy sila sa apela o Pagdinig sa Estado.

**Kung <u>hindi</u> ka nakakuha ng paunawa,** tumawag sa numero ng Health Consumer Alliance (HCA) sa pahina 4. Kung hindi ka nakakuha ng paunawa, tumawag sa numero ng Health Consumer Alliance (HCA) sa ibaba. Para matuto kung paano magsampa ng apela, humingi ng Pagdinig sa Estado, o magsumite ng hinaing, basahin ang mga natitirang pahina.

## Paano makakakuha ng tulong

### Linya ng Tulong ng Miyembro ng Medi-Cal

Nagbibigay ang Linya ng Tulong ng Miyembro ng Medi-Cal ng libreng suporta. Maaari ka nilang ikonekta sa iyong lokal na opisina ng Medi-Cal, sa iyong pinamamahalaang plano sa pangangalaga, o sa iba pang mapagkukunan ng Medi-Cal upang tumulong na sagutin ang iyong mga tanong tungkol sa Medi-Cal.

- Telepono: 1-800-541-5555
- Online: www.dhcs.ca.gov/myMedi-Cal

### Health Consumer Alliance (HCA)

Nagbibigay ang HCA ng libreng telepono o personal na tulong sa mga naka-enroll sa Medi-Cal upang malutas ang mga problema sa kalusugan. Maaari ka rin nilang maiugnay sa mga libreng mapagkukunan upang makatulong na matugunan ang mga legal na isyu na may kaugnayan sa pangangalagang pangkalusugan.

- Telepono: 1-888-804-3536
- Online: healthconsumer.org

KAHON 2

### Kung sa palagay mo ay mali ang desisyon



Kung sa paniwala mo ang Medi-Cal ng anak mo ay maling hininto o ang anak mo ay maling nakitang hindi nararapat para sa Medi-Cal:

- Sundin ang mga tagubilin sa paunawa sa apela, **o**
- Hanapin ang iyong lokal na ahensiya ng mga serbisyo sa tao ng county dhcs.ca.gov/COL

# Ano ang mga karapatan ng anak mo sa pinamamahalaang pangangalaga ng Medi-Cal?

Ang sumusunod na impormasyon sa pahina 5-8 ay nalalapat sa lahat ng pinamamahalaang sistema ng pangangalaga sa Medi-Cal. Karamihan ng mga batang naka-enroll sa Medi-Cal ay nakakakuha ng pag-aalaga nila sa pamamagitan ng isang **planong Medi-Cal na pinamamahalaang pangangalaga**. Ang plano ay para sa mga pisikal na pangkalusugang serbisyo. Ito ay para sa mga limitadong serbisyo sa kalusugang pangkaisipan na tinatawag na "mga non-specialty na serbisyo sa kalusugang pangkaisipan."

Kasama sa mga ibang sistema ng pinahahalagahang pag-aalaga ang:

- **Mga Specialty na Serbisyo sa Kalusugan ng Pag-uugali** para sa matinding mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali sa pamamagitan ng hiwalay na plano sa kalusugan ng pag-iisip.
- **Medi-Cal na Organized na Sistema ng Paghahatid ng Gamot** para sa paggamot ng pagkalulong sa droga at alkohol.
- **Pinamamahalaang Pag-aalagang Dental** para sa pangangalagang dental sa mga county ng Los Angeles at Sacramento. Basahin ang **Talahanayan 1** sa pahina 8.

Kung may problema ang anak mong makakuha o magpanatili ng serbisyo na sa palagay mo ay dapat saklawan ng isa sa mga plano sa ibaba, basahin sa ibaba. Kung wala sa plano ang anak mo, basahin ang tungkol sa **bayad para sa serbisyo** sa pahina 9.

## Ano ang maaari mong gawin kung tinanggi ang pag-aalaga ng anak mo, inantala, binawasan, o hininto sa pinamamahalaang pag-aalaga?

### Magsampa ng apela sa pinamamahalaang pag-aalagang plano ng anak mo

Dapat kang magsimula sa pamamagitan ng pagsampa ng **apela** sa plano ng pinamamahalaang pag-aalaga. Para mahanap ang plan mo, pumunta sa www.dhcs.ca.gov/mmchpd. Inaatasan ng apela ang plano ng anak mong repasuhin ang anumang pagtanggi sa serbisyo, iantala, bawasan, o ihinto para malaman kung sumasang-ayon sila sa iyo. Dapat mong isampa ang apela bago ka makahingi ng Pagdinig sa Estado.

- Matapos makuha ng anak mo ang nakasulat na Paunawa ng Pagkilos mula sa kanilang pinamamahalaang plano ng pag-aalaga, maaari kang magsampa ng apela. Maaari ka ring magsampa ng apela kung **hindi** ka nakakuha ng Paunawa ng Pagkilos.
- Mayroon kang **60** na araw ng kalendaryo makalipas mong makuha ang Paunawa ng Pagkilos para magsampa ng apela sa plano ng pinamamahalaang pag-aalaga. Maaari kang magsampa ng apela sa plano sa pamamagitan ng sulat, sa telepono, o online. Mahahanap mo ang mga numero ng pagkontak sa **Talahanayan 1** sa pahina 8.

KAHON 3

### Paano hihingi ng pagpapatuloy ng mga benepisyo sa pinamamahalaang pag-aalaga

Kung sinasabi ng paunawa na ang serbisyong nakukuha na ng anak mo ay ihihinto o babawasan, maaari mo ring hilingin ang **pagpapatuloy sa mga benepisyo** tinatawag ding "Aid Paid Pending") para sa anak mo sa panahon ng apela o Pagdinig sa Estado.

- Dapat kang umapela o humingi ng Pagdinig ng Estado **bago** huminto o binawasan ang serbisyo.
- Dapat kang bigyan ng plano ng pinamamahalaang pag-aalaga ng nakasulat na paunawa ng **10** araw sa kalendaryo man lang bago sila magbalak na ihinto o bawasan ang serbisyo para sa anak mo.

- Kung sinasabi ng Paunawa ng Pagkilos na ang serbisyong nakukuha na ng anak mo ay ihihinto o babawasan, maaari mo ring hilingin na patuloy na makuha ng anak mo ang serbisyo sa panahon ng apela. Tinatawag itong **pagpapatuloy sa mga benepisyo**. Para matutunan kung paano hingin ito, basahin ang **Kahon 3** sa pahina 5.
- Dapat kilalanin ng plano ng pinamamahalaang pag-aalaga ng anak mo ang apela sa pamamagitan ng sulat sa loob ng **5** araw ng kalendaryo ng petsa kung kailan nila nakuha ang apela. Dapat ding sabihin sa iyo ng plano ang pangalan, numero ng telepono, at address ng tao sa plano na makakapagsabi sa iyo ng mas marami pa tungkol sa apela at katayuan nito. Dapat ka ring padalhan ng plano ng nakasulat na desisyon sa loob ng **30** araw ng kalendaryo ng kahilingan sa apela. Tinatawag itong Paunawa sa Resolusyon.
- Kung minamadali ang sitwasyon ng anak mo at ang paghihintay ng 30 araw ay magpapalala sa kundisyon nila, maaari kang humingi ng **pinabilis** (mas mabilis) na desisyon. Para kung paano hingin ito, basahin ang **Kahon 4** sa pahinang ito.
- Makokontak mo ang plano sa pinamamahalaang pag-aalaga ng anak mo para sa mga tanong tungkol sa apela ng anak mo anumang oras. Para sa mga numero ng pagkontak, basahin ang **Talahanayan 1** sa pahina 8.
- Maaaring may kasama ang plano ng pinamamahalaang pag-aagala ng anak mo ang prosesong tinatawag na Independiyenteng Lupon ng Medikal na Pagrepaso. Ipapaliwanag ng Paunawa ng Pagkilos ng anak mo ang prosesong ito. Kung hinahandog ng plano ng pinamamahalaang pag-aalaga ng anak mo ang prosesong ito, ito ay makalipas mo makumpleto ang apela ng anak mo. Para matuto pa tungkol sa Independiyenteng Lupon ng Medikal na Pagrepaso, tumawag sa California Department of Managed Health Care sa 1-888-466-2219 (TDD 1-877-688-9891). O, pumunta sa [https://bit.ly/IMRCR](https://bit.ly/IMRCR).

KAHON 4

### Pinabilis (mas mabilis) na apela o Pagdinig sa Estado

Kung kailangan ng anak mo ng **pinabilis** (mas mabilis) na apela o Pagdinig ng Estado dahil ang buhay, kalusugan, o kakayan ng anak mong gumana ay nasa peligro, tumawag sa **1-800-743-8525**.

Maaari kang makabasa ng higit pa sa iyong Handbook ng Miyembro kung paano hihingi ng pinabilis na proseso.

### Humingi ng Pagdinig sa Estado ng Medi-Cal:

Kung ang proseso ng apela ng plano sa pinamamahalaang pag-aalaga ay kumpleto at hindi ka pa rin sang-ayon sa desisyon ng plano, maaari kang humingi ng **Pagdinig sa Estado** para sa anak mo. Maaari ka ring humingi ng Pagdinig sa Estado kung hindi nagpadala ng paunawa ang iyong plano ng pinamamahalaang pag-aalaga ng anak mo tungkol sa karapatan ng anak mo sa apela o hindi ito ipinadala sa makatwirang oras.

Ang Pagdinig sa Estado ay pagkakataong magsalita sa harap ng huwes para repasuhin ang desisyon ng plano ng pinamamahalaang pag-aalaga na hindi mo sinasang-ayunan. Nagtatrabaho ang huwes para sa California Department of Social Services, hindi para sa plano ng anak mo.

- Dapat kang humingi ng Pagdinig sa Estado sa loob ng **120** araw ng kalendaryo sa petsa na nakuha mo ang nakasulat na pagpasya ng plano sa pinamamahalaang pag-aalaga sa apela ng anak mo. Rerepasuhin ng walang kinikilingang huwes ang kaso ng anak mo. Kung ang desisyong hiningi mo para sa pagdinig ay huminto sa serbisyong nakukuha na ng anak mo, maaari ka ring humingi ng pagpapatuloy ng mga benepisyo para sa anak mo. Basahin ang **Kahon 3** sa pahina 5.

- Maaari kang humingi ng Pagdinig sa Estado sa pamamagitan ng telepono, koreo, fax, o online. Tumawag sa 1-800-743-8525. O, pumunta sa www.cdss.ca.gov/hearing-requests.
- May karapatan kang magdala ng taong kakatawan sa iyo sa Pagdinig sa Estado ng anak mo. Maaari kang magdala ng kaibigan, kamag-anak, abogado, o sinumang napili mo. Para matuto kung paano makakuha ng libreng legal na tulong, basahin ang **Paano makakakuha ng tulong** sa pahina 4.
- Hindi mo kailangang magbayad para sa Pagdinig sa Estado Libre ito.
- Ang Estado ay may **90** araw sa kalendaryo makalipas ang kahilingan ng anak mo para sa Pagdinig sa Estado para gumawa ng panghuling desisyon. Kung kailangan agad ng anak mo ng mga serbisyo at ang paghihintay ng 90 araw ay magpapalala sa kundisyon nila, maaari kang humingi ng **pinabilis** (mas mabilis) na desisyon. Basahin ang **Kahon 4** sa pahina 6.
- Para sa higit pang tulong, basahin ang mga paunawa mula sa plano ng pinamamahalaang pag-aalaga ng anak mo. O, tumawag sa 1-800-743-8525. O, pumunta sa www.dhcs.ca.gov/fair-hearing.

### Kontakin ang Ombudsman

Ang **Ombudsman** ay isang tao na nagtatrabaho para sa DHCS (ang Medi-Cal na ahensiya ng Estado). Ang trabaho nila ay para tulungan ka at ang anak mongmakipagtulungan sa plano ng pinamamahalaang pag-aalaga ng anak mo. Sila ay makikinig at tutulong na sagutan ang mga tanong mo.  Rerepasuhin din nila ang mga problema, ipapaliwanag ang mga benepisyo, at magmumungkahi ng mga opsiyon sa iyo. Maaari kang tumawag sa Ombudsman anumang oras. Kabilang dito ang kapag nakatanggap ang anak mo ng paunawa, nagsampa ng apela, humingi ng Pagdinig sa Estado, o magsumite ng hinaing Ang Ombudsman ay para lang sa mga taong naka-enroll sa planong pinamamahalaang pag-aalaga.

Maaari mong kontakin ang Ombudsman sa:

- Telepono: 1-888-452-8609
- Email: MMCDOmbudsmanOffice@dhcs.ca.gov
  - » Huwag maglagay ng personal na pangkalusugang impormasyon sa isang email.

Pata matuto pa tungkol sa Ombudsman, pumunta sa www.dhcs.ca.gov/ombudsman.

## Paano kung hindi ka masaya sa pag-aalaga, doktor, o tagapaglaan ng pangangalaga sa kalusugan ng anak mo sa pinamamahalaang pag-aalaga?

### Magsumite ng hinaing

Kung masama o bastos ang pagtrato ng doktor sa anak mo, o hindi ka nasisiyahan sa kalidad ng pag-aalaga, o kung hindi ka makahanap ng doktor, maaari kang magsumite ng **hinaing** para sa anak mo. Ang hinaing ay para sa anumang hindi pagkakasundo sa anumang hindi nasasaklawan ng apela o Pagdinig sa Estado. Ito ay para sa mga isyu o alalahanin na hindi nagtatanggi, nag-aantala, nagbabawas, o nagpaapahinto sa alinman sa mga serbisyo ng anak mo. Maaari ka ring magsumite ng hinaing sa plano ng pinamamahalaang pag-aalaga ng iyong anak para sa mga reklamong nauugnay sa mga saklaw na serbisyo ng iyong anak, kabilang ang kalidad ng o access sa pangangalaga.

- Dapat kang magsumite ng hinaing para sa anak mo anumang oras. Maaari mo itong isumite sa telepono, o nakasulat online o sa koreo. Para magsumite ng hinaingm kontakin ang plano ng pinamamahalaang pag-aalaga ng anak mo. Para sa mga numero ng pagkontak, basahin ang **Talahanayan 1** sa pahina 8.
- Dapat kilalanin ng plano ng pinamamahalaang pag-aalaga ng anak mo ang hinaing mo sa pamamagitan ng sulat sa loob ng **5** araw ng kalendaryo ng petsa kung kailan nila nakuha ito. Dapat ding kasama nito ang pangalan, numero ng telepono, at address ng tao sa plano na makakapagsabi sa iyo ng mas marami pa tungkol sa hinaing ng anak mo at katayuan nito.
- Ang plano ng pinamamahalaang pag-aalaga ng anak mo ay may **30** araw ng kalendaryo mula sa petsa ng pagsumite mo ng hinaing para malutas ang hinaing ng anak mo.

## Sino ang dapat mong kontakin para sa mga tanong?

TALAHANAYAN 1

### Kabuuang pananaw sa mga sistema ng pinamamahalaang pag-aalaga at impormasyon sa pagkontak

**Medi-Cal Managed Care (MCMC)**

Nakukuha ng karamihan ng mga bata ang mga serbisyong ito sa pamamagitan ng mga plano sa pinamamahalaang pag-aalaga ng Medi-Cal:

- Mga pangangailangan sa pisikal na kalusugan, tulad ng mga pagpapatingin sa well-child at iniksiyon
- Mga non-specialty na pangangailangan sa kalusugan sa pag-iisip, tulad ng therapy at medikasyon
- Koordinasyon ng pag-aalaga

Kung hindi nakukuha ng anak mo ang mga kailangang serbisyong ito o may mga alalahanin, tumawag sa plano ng pinamamahalaang pag-aalaga ng Medi-Cal ng anak mo. Ang numero ng teleponong ito ay nasa ID card ng plano ng anak mol. Ito ay nasa website din ng plano. Mahahanap mo din ang numero ng telepono nila sa www.dhcs.ca.gov/mmchpd. O, tumawag sa 916-449-5000.

**Specialty Mental Health Services (SMHS)**

Ang ilang bata na kailangan ng mga specialty na serbisyo para sa kalusugan ng pag-iisip, tulad ng pag-aalaga para sa malalang kundisyon sa pag-aalaga ng pag-iisip, ay makukuha ang pag-aalagang ito sa pamamagitan ng Specialty Mental Health Services. Ang bawat county ay may plano sa kalusugan ng pag-iisip.

Kung hindi nakukuha ng anak mo ang mga kailangang serbisyong ito o may mga alalahanin, tumawag sa plano ng kalusugan ng pag-iisp ng county ng anak mo. Mahahanap mo ang numero ng telepono sa www.dhcs.ca.gov/CMHP.

**Drug Medi-Cal Organized Delivery System (DMC-ODS)**

Ang mga batang kailangan ng mga serbisyo sa paggamit ng sangkap tulad ng paggamot sa droga o alkohol, kabilang ang pagpapayo at mga ibang klinikal na paggamot, tulad ng inpatient na residensiyal na paggamot sa droga o alkohol, kapag kailangan, ay makakakuha ng pag-aalagang ito sa pamamagitan ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System. Ang bawat county ay may alinman sa planong DMC-ODS o nasa Drug Medi-Cal. Para matuto pa sa Drug Medi-Cal, basahin ang **Talahanayan 2** sa pahina 11.

Kung hindi nakukuha ng anak mo ang mga kailangang serbisyong ito o may mga alalahanin, tumawag sa plano ng DMC-ODS ng anak mo. Hanapin ang numero ng telepono sa www.dhcs.ca.gov/sud-cal.

**Dental Managed Care (Dental MC)**

Ang ilang mga batang nakatira sa Los Angeles County o Sacramento County ay nakakakuha ng mga serbisyong dental, kabilang ang mga dental na check-up at mga pagpapalinis dalawang beses bawat taon at pag-aalaga sa oral na kalusugan sa pamamagitan ng mga planong Pinamamahalaan ang Pag-aalagang Dental. Ang mga batang nakatira sa lahat ng ibang county ay makakakuha ng kanilang pangangalagang dental sa pamamagitan ng Dental Fee for Service (Dental FFS). Para matuto pa sa Dental FFS, basahin ang **Talahanayan 2** sa pahina 11.

Kung nakatita ka sa Los Angeles o Sacramento at hindi nakukuha ng anak mo ang mga kailangang serbisyong ito o may mga alalahanin, tumawag sa plano ng Dental MC ng anak mo. Ang numero ng telepono ay nasa ID card ng Dental MC ng anak mo. Ito ay nasa website din ng planong Dental MC ng anak mo. O, tumawag sa 1-800-322-6384. Mahahanap mo din ang numero ng telepono ng plano sa https://bit.ly/DMC-Contact.

# Ano ang mga karapatan ng anak mo sa Medi-Cal Fee For Service?

Ang sumusunod na impormasyon sa pahina 9-11 ay nalalapat sa Medi-Cal Fee For Service (FFS). Ang ilang batang naka-enroll sa Medi-Cal ay nakakakuha ng pag-aalaga nila sa pamamagitan ng FFS. Ang FFS ay tinatawag rin na "regular" Medi-Cal. Ang mga bata sa FFS ay makakakuha ng pag-aalaga nila sa pamamagitan ng DHCS (ang ahensiya ng Medi-Cal ng Estado). Walang planong pag-aalaga ng kalusugan ang kaugnay. Kasama ng FFS ang Medi-Cal FFS para sa mga serbisyo ng pisikal na kalusugan at limitadong set ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip na tinatawag na "non-specialty na mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip," Drug Medi-Cal para sa mga serbisyong paggamot ng droga at alkohol, Dental FFS para sa dental na pag-aalaga, at Medi-Cal Rx para sa mga gamot. Para matuto pa, basahin ang **Talahanayan 2** sa pahina 11.

Kung may problema ang anak mong makakuha o magpanatili ng serbisyo na sa palagay mo ay dapat saklawan ng DHCS, basahin sa ibaba. Kahit na wala ang anak mo sa plano ng pinamamahalaang pag-aalaga, kung kailangan ng anak mo ng pag-aalaga para sa seryosong kundisyon sa kalusugan ng pag-iisip, makukuha nila ang pag-aalagang ito sa pamamagitan ng plano ng kalusugan ng pag-iisip ng Specialty Mental Health Services. Para matuto pa at malaman kung saan tatawag para sa tulong mula sa plano sa kalusugan ng pag-iisip ng county, basahin ang **Talahanayan 1** sa pahina 8.

## Ano ang maaari mong gawin kung tinanggi, , inantala, binawasan, o hininto ang pag-aalaga ng anak mo sa FFS?

### Humingi ng Pagdinig sa Estado ng Medi-Cal:

Ang **Pagdinig sa Estado** ay pagkakataong magsalita sa harap ng huwes para repasuhin ang desisyon ng DHCS na hindi mo sinasang-ayunan. Kabilang dito ang anumang pagtanggi sa serbisyo, pag-antala, pagbawas, o paghinto. Nagtatrabaho ang huwes para sa California Department of Social Services, hindi para sa DHCS.

- Makalipas matanggap ng anak mo ang Paunawa ng Pagkilos mula sa DHCS, maaari kang humingi ng Pagdinig sa Estado. Maaari ka ring humingi ng Pagdinig sa Estado kung hindi ka nakakuha ng Paunawa ng Pagkilos.
- Dapat kang humingi ng Pagdinig sa Estado sa loob ng **90** araw sa kalendaryo sa petsa na nakuha mo ang nakasulat na Paunawa ng Pagkilos mula sa DHCS. Rerepasuhin ng walang kinikilingang huwes ang kaso ng anak mo. Maaari ka ring humingi ng Pagdinig sa Estado anumang oras nang walang Paunawa ng Pagkilos. Kung ang desisyong hiningi mo para sa pagdinig ay magpapahinto sa serbisyong nakukuha na ng anak mo, maaari ka ring humingi ng pagpapatuloy ng mga benepisyo para sa anak mo. Basahin ang **Kahon 5** sa pahinang ito.

KAHON 5

### Paano hihingi ng pagpapatuloy ng mga benepisyo sa fee for service

Kung sinasabi ng paunawa na ang serbisyong nakukuha na ng anak mo ay ihihinto o babawasan, maaari mo ring hilingin ang **pagpapatuloy sa mga benepisyo** tinatawag ding "Aid Paid Pending") sa panahon ng Pagdinig sa Estado.

- Dapat kang humingi ng Pagdinig ng Estado **bago** huminto o binawasan ang serbisyo.
- Dapat kang bigyan ng DHCS ng nakasulat na paunawa ng **10** araw sa kalendaryo man lang bago sila magbalak na ihinto o bawasan ang serbisyo para sa anak mo.

- Maaari kang humingi ng Pagdinig sa Estado sa pamamagitan ng telepono, koreo, fax, o online. Tumawag sa 1-800-743-8525. O, pumunta sa www.cdss.ca.gov/hearing-requests.
- May karapatan kang magdala ng taong kakatawan sa iyo sa pagdinig. Maaari kang magdala ng kaibigan, kamag-anak, abogado, o sinumang napili mo. Para sa libreng legal na tulong, basahin ang **Paano makakakuha ng tulong** sa pahina 4.
- Hindi mo kailangang magbayad para sa Pagdinig sa Estado Libre ito.
- Ang estado ay may **90** araw sa kalendaryo makalipas ang kahilingan ng anak mo para sa Pagdinig sa Estado para gumawa ng panghuling desisyon. Kung kailangan agad ng anak mo ng mga serbisyo at ang paghihintay ng 90 araw ay magpapalala sa kundisyon nila, maaari kang humingi ng **pinabilis** (mas mabilis) na desisyon. Basahin ang **Kahon 6** sa pahinang ito.
- Para sa higit pang tulong, basahin ang mga paunawa na nakuha ng anak mo mula sa DHCS. O, tumawag sa 1-800-743-8525. O, pumunta sa www.dhcs.ca.gov/fair-hearing.

KAHON 6

**Pinabilis (mas mabilis) na apela o Pagdinig sa Estado**

Kung kailangan ng anak mo ng **pinabilis** (mas mabilis) na Pagdinig ng Estado dahil ang buhay, kalusugan, o kakayan ng anak mong gumana ay nasa peligro, tumawag sa 1-800-743-8525.

## Paano kung hindi ka masaya sa pag-aalaga, doktor, o tagapaglaan ng pangangalaga sa kalusugan ng anak mo sa FFS?

### Magsumite ng hinaing

Kung masama o bastos ang pagtrato ng doktor sa anak mo, o hindi ka nasisiyahan sa kalidad ng pag-aalaga, o kung hindi ka makahanap ng doktor, maaari kang magsumite ng **hinaing** para sa anak mo. Ang hinaing ay para sa anumang hindi pagkakasundo sa anumang hindi nasasaklawan ng Pagdinig sa Estado. Ito ay para sa mga isyu o alalahanin na **hindi** nagtatanggi, nag-aantala, nagbabawas, o nagpaapahinto sa alinman sa mga serbisyo ng anak mo.

- Maaari kang magsumite ng hinaing para sa anak mo para sa Drug Medi-Cal, Dental FFS, o Medi-Cal Rx anumang oras. Maaari mo itong isumite sa telepono, o nakasulat online o sa koreo. Para magsumite ng hinaing, kontakin ang Drug Medi-Cal, Dental FFS, o Medi-Cal Rx. Para sa mga numero ng pagkontak, basahin ang **Talahanayan 2** sa pahina 11. **Walang** proseso ng hinaing para sa Medi-Cal FFS para sa mga serbisyo sa pisikal na kalusugan at mga non-specialty na serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip.
- Dapat kilalanin ng DHCS ang hinaing mo sa pamamagitan ng sulat sa loob ng **5** araw ng kalendaryo ng petsa kung kailan nila nakuha ito. Dapat kasama nito ang pangalan, numero ng telepono, at address ng tao sa DHCS na makakapagsabi sa iyo ng mas marami pa tungkol sa hinaing ng anak mo at katayuan nito.
- Ang DHCS ay may **30** araw ng kalendaryo mula sa petsa ng pagsumite mo ng hinaing para malutas ang hinaing ng anak mo para sa Dental FFS at Medi-Cal Rx. Ang Drug Medi-Cal ay may **90** araw ng kalendaryo para malutas ang hinaing ng anak mo.

## Sino ang dapat mong kontakin para sa mga tanong?

TALAHANAYAN 2

### Kabuuang pananaw sa fee for service at impormasyon sa pagkontak

**Medi-Cal Fee For Service (Medi-Cal FFS)**

Ang ilang mga bata, tulad ng ilang mga bata sa foster na pag-aalaga, ay makakakuha ng kanilang mga pangkalusugang serbisyo sa pamamagitan ng Medi-Cal FFS.

Kung hindi nakukuha ng anak mo ang mga serbisyong ito o may mga alalahanin, tumawag sa 1-800-541-5555 (TDD 1-800-430-7077).

**Drug Medi-Cal (DMC)**

Ang mga batang kailangan ng mga serbisyo sa paggamit ng sangkap tulad ng paggamot sa droga o alkohol, kabilang ang pagpapayo at mga ibang klinikal na paggamot, tulad ng inpatient na residensiyal na paggamot sa droga o alkohol, kapag kailangan, ay makakakuha ng pag-aalagang ito sa pamamagitan ng Drug Medi-Cal. Ang bawat county ay may alinman sa planong DMC-ODS o nasa DMC. Para matuto pa sa DMC-ODS, basahin ang **Talahanayan 1** sa pahina 8.

Kung hindi nakukuha ng anak mo ang mga serbisyong ito o may mga alalahanin, tumawag sa programang DMC ng anak mo. Para hanapin ang numero ng telepono, pumunta sa www.dhcs.ca.gov/sud-cal.

**Dental Fee For Service (Dental FFS)**

Kinukuha ng karamihan sa mga bata ang mga serbisyong dental nila sa Medi-Cal sa pamamagitan ng Dental FFS. Kabilang dito ang mga dental na check-up at mga pagpapalinis dalawang beses bawat taon at pag-aalaga sa oral na kalusugan.

Kung hindi nakukuha ng anak mo ang mga serbisyong ito o may mga alalahanin, tumawag sa 1-800-322-6384.Para matuto pa, pumunta sa smilecalifornia.org.

**Medi-Cal Rx**

Kinukuha ng mga bata ang mga serbisyong parmasya nila sa Medi-Cal sa pamamagitan ng Medi-Cal Rx. Kasama dito ang mga de-reseta at over-the-counter na mga outpatient na gamot, enteral na nutrisyong produkto tulad ng feeding tube, at mga medikal na supply.

Kung hindi nakukuha ng anak mo ang mga serbisyong ito o may mga alalahanin, tumawag sa 1-800-977-2273. Matuto pa sa https://bit.ly/3D1rQFV.